**Kawanihan ng Alternatibong Sistema sa Pagkatuto**
Kagawaran ng Edukasyon
3/F Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.:(02) 635-5188, Fax No.: (02) 635-5189

1

# Basic Literacy Learning Material



Bureau of Alternative Learning System
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Kapaligiran Natin: Alagaan!

## Gabay ng Tagapatnubay

Karapatang-Ari 2013
**Bureau of Alternative Learning System**
**Department of Education**

Pag-aari ng Kawanihan ng Alternatibong Sistema sa Pagkatuto, Kagawaran ng Edukasyon ang modyul na ito. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

Inilathala sa Pilipinas ng:

Department of Education
Bureau of Alternative Learning System
3/F Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.:(02) 635-5188, Fax No.: (02) 635-5189

**Mga Halaman sa Tahanan at Pamayanan**
Aralin 1

## I. MGA LAYUNIN

| | |
|---|---|
| Pakikinig: | nakasusunod sa mga panutong pasalita; |
| Pagsasalita: | nakasasagot nang wasto; |
| Pagbasa: | nakababasa ng mga payak na salita; |
| Pagsulat: | nakasusulat ng mga payak na salita; |
| Pagkukwenta: | nakababasa ng 1 *digit* na bilang mula 1- 10; |
| | nakasusulat ng 1 *digit* na bilang mula 1-10; |
| | natutukoy ang mga halaman sa tahanan at pamayanan; |
| | nailalarawan ang mga halaman sa tahanan at pamayanan. |

| Pangangalaga sa mga halaman |
|---|

**II. PAKSA**

A. Aralin 1: Mga Halaman sa Tahanan at Pamayanan

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay: mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon, kasanayang makipagkapwa

B. Mga Kagamitan: Mga tunay na halaman, *brown paper*, *pentel pen*, *flashcard*, modyul

**II. PAMAMARAAN**

**A. Panimulang Gawain**

**Pagganyak**

- Pabuksan ang modyul sa pahina 1.
- Sabihin:
  - Makinig nang mabuti habang binabasa ko ang isang tula tungkol sa larawan.

**Magandang Pamayanan**

Nakawiwiling pagmasdan
ang magandang pamayanan
Ubod ng linis ng paligid
daming tanim na halaman.

Sa harap ng mga bahay
mga gulay yaong tanim



Doon sa paligid-ligid
punong nagbibigay-lilim.

May palumpong, mga damo
at mayroon ding mga baging
May mababa, mataas
nakawiwiling tanawin.

- Itanong:
  - Ano ang magandang pamayanan ayon sa tula?
  - Ilang uri mayroon ang halaman? Ano-ano ang mga ito?
  - Ano ang naidudulot ng maraming halaman sa tahanan at pamayanan?
  - Ganito ba sa inyong pamayanan? Bakit? Bakit hindi?

**B. Panlinang na Gawain**

**Pagbasa**

**1. Paglalahad**


- Pabuksan ang modyul sa pahina 3.
- Sabihin:
  - Kilalanin natin ang mga uri ng halaman na makikita ninyo sa larawan.
- Itanong:
  - Ano-ano ang mga halamang inyong nakikita?

- Ano ang masasabi ninyong pagkakaiba ng mga halaman?

**2. Pagtalakay**

- Pabuksan ang modyul sa pahina 4.
- Ipakilala ang iba't ibang uri ng halaman tulad ng:
  - damo na halamang ipinangga-gamot *(herbs)*
  - puno o punongkahoy (*tree*) na halamang may malaking katawan o "*trunk*" at tumutubo nang mataas.
  - palumpong (*shrubs*) na halamang mas maliit kaysa puno
  - baging (vines) na halaman na gumagapang sa lupa o sa balag
- Itanong:
  - Ilang uri mayroon ang halaman?
  - Ano-ano ang mga uring ito?
  - Ano ang masasabi ninyo sa bawat isa?
- Magbigay ng mga halimbawa ng mga halamang ipinanggagamot at hayaang ituloy ng mga mag-aaral ang halimbawang sumusunod:
  - damo – sibuyas, kogon
  - puno – akasya, narra
  - palumpong – kalamansi, gumamela
  - baging – kalabasa, ampalaya
- Gamitin ang *concept mapping* sa pagtalakay tulad nito:






- Sabihin:
  - Ngayon, buksan ang inyong modyul sa pahina 5-11 at basahin natin ang naka-sulat na mga salita at pangungusap.
- Ipabasa nang papantig ang mga salitang may salungguhit sa bawat pahina.
- Ipakilala ang mga titik na bumubuo sa salita.
- Ipabasa nang maramihan, pangkatan, dalawahan at isahan.
- Ipabasa rin ang mga pangungusap.
- Itanong:
  - Ano-anong mga salita ang binasa ninyo?
  - May kaugnayan ba ang mga salitang ito sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay?

**3. Paglalahat**

- Ipabuo ang sumusunod na pahayag.

  Natuklasan ko na……
  Pinahahalagahan ko …..
  Maibabahagi ko ……..

- Ipabasa ang Tandaan Natin sa pahina 12 ng modyul.

**4. Paglalapat**

- Ipasagot ang Subukin Natin sa pahina 13 ng modyul.
- Suriin ang mga sagot ng mga mag-aaral.

**Pagsulat**

**1. Paglalahad**

- Ipakita kung paano isusulat sa hangin.
- Hayaang gawin din ng mga mag-aaral ang pagsulat sa hangin.

**2. Pagtatalakayan**

- Ipakita ang wastong pagsulat ng mga salita sa pisara.
- Ipakita rin ang wastong pagbakat ng salita.
- Gawin sa lahat ng mga salita na susulatin.



- Itanong:
  - Ano ang naramdaman ninyo habang nagsusulat?
  - Naisulat ba ninyo nang maayos ang mga salita?
  - Tungkol saan ang inyong mga isinulat?

**3. Paglalahat**

- Magbigay ng mga pamamaraan kung paano isulat ang mga salita nang maayos?

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 13 ng modyul.
- Suriin ang gawain ng mga mag-aaral at ipamigay sa mga mag-aaral ang kani-kanilang gawa.

**Pagkwenta**

**1. Paglalahad**

- Balikan ang mga salitang binasa at isulat. Itanong kung ilang pantig mayroon ang bawat salita, ilang titik mayroon ang bawat salita.

**2. Pagtatalakayan**

- Isulat ang mga bilang sa pisara. Ipakita kung paano ito isulat.

- Ipabilang ang mga larawan sa pahina 19 ng modyul.
- Ipakita kung paano isulat ang bawat bilang sa hangin at sa pisara.
- Ipabakat at ipagawa ang pagsulat ng mga bilang sa pahina 20 ng modyul.

**3. Paglalahat**

- Itanong:
  - Ano-ano ang mga bilang na inyong napag-aralan?

**4. Paglalapat**

- Ipasulat ang 1-10 sa sagutang papel.

**IV. PAGTATAYA**

- Ipagawa ang Alam mo na ba? sa pahina 22-25 ng modyul.
- Suriin ang mga sagot ng mga mag-aaral.

**V. KARAGDAGANG GAWAIN**

- Manguha ng iba-ibang halaman sa paligid. Kilalanin ang mga ito. Pag-usapan kung maaaring gamiting gamot.



**Halaman, Mahalaga Ka!**
Aralin 2

**I. MGA LAYUNIN**

| | |
|---|---|
| Pakikinig: | naipakikita ang pang-unawa sa mga pasalitang mensahe; |
| Pasalita: | naipahahayag nang maayos ang mga ideya at damdamin ng iba sa pamamagitan ng pasalita o pahiwatig na paraan; |
| Pagbasa: | nababasa ang mga titik at pantig ng mga salita; |
| Pagsulat: | nakasusulat ng mga payak na salita; |
| Pagkwenta: | nakababasa at nakasusulat ng mga bilang na pasalita; |
| Pagpapahalaga: | natutukoy ang mga kahalagahan ng halaman sa tao; |
| | naipakikita ang wastong pangangalaga sa halaman. |

| Pangangalaga sa Halaman |
|---|

## II. PAKSA

A. Aralin 2: Halaman, Mahalaga Ka!

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay: malikhaing pag-iisip, kasanayang magpasiya, pansariling kamalayan

B. Mga Kagamitan: mga tunay na bagay na mula sa mga halaman, larawan, modyul, *brown paper, pentel pen*

## II. PAMAMARAAN

### A. Panimulang Gawain

#### 1. Balik-aral

- Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat (4).
- Papiliin ng lider ang bawat pangkat.
- Papiliin ang bawat lider ng larawan ng uri ng halaman.
- Bigyan ng sampung (10) minuto upang pag-usapan ang maaaring iulat sa napiling larawan tungkol sa nakaraang aralin.
- Ipaliwanag kung ano ang iuulat tulad ng:
  - uri ng halaman
  - paglalarawan sa halaman
  - pagbibigay ng halimbawa
  - saan makikita



- Bigyan ng tig-10 minuto ang bawat pangkat sa pag-uulat.
- Itanong:
  - Nasiyahan ba kayo sa inyong ginawa? Bakit?
  - Nagkaroon ba ng pagkakataon ang bawat kasapi na makilahok sa pangkat? Ano ang naiambag?

#### 2. Pagganyak

- Itanong:
  - Naniniwala ba kayong mahalaga ang mga halaman?
- Basahin ang tula sa mga mag-aaral.

**Halaman ay Yaman**

Halaman ay mahalaga
sa buhay ng tao
Kaydami ng pakinabang
makukuha natin dito.

Nagbibigay ng pagkain
ginagamit pa ring sangkap
Sa gamot na tinitimpla
na sa sakit ay panlunas.

Mga gamit, kasangkapan
halama'y pinagkunan din
Kaya nga, mga halaman
Kayo'y buhay, yaman namin.

- Itanong:
  - Ano ang mensahe ng tula?
- Pabuksan ang modyul sa pahina 27.
- Itanong: Ano-anong mga halaman ang pinagkukunan ng mga nasa larawan?

**B. Panlinang na Gawain**

**Pagbasa**

**1. Paglalahad**

- Pangkatin ang mga mag-aaral sa 3.
- Bigyan ng *brown paper* at *pentel pen* ang bawat pangkat.
- Sabihin:
  - Kayo ay gagawa ng *graffiti poster*.
  - Iguguhit ninyo ang mga pakinabang sa puno ng niyog.
  - Papilahin upang magkaroon ng pagkakataon ang lahat. Sa bawat hudyat, guguhit ang mag-aaral na kasunod sa pila hanggang mabigyan ng pagkakataon ang lahat.
  - Ipaulat ang nagawa ng pangkat.


▪ Itanong: Ano ang natutuhan ninyo sa ginawa natin?

▪ Ipakita ang larawan sa pahina 28.



**2. Pagtatalakayan**

- Sabihin:
  - Naniniwala ba kayong ang mga halaman ay mahalaga sa buhay ng tao? Bakit? (Hayaang magbigay ng sari-sariling opinyon.)
- Ipakita sa pamamagitan ng *semantic webbing* upang lalong maunawaan ang konseptong nabuo.




- Ipabasa ang mga pangungusap sa pahina <u>33-35</u> ng modyul.
- Tulungang ipabasa ang mga salitang may salungguhit nang papantig at kilalanin ang mga titik.

- Ipaulit ang pagbasa nang maramihan, pangkatan, dalawahan, at isahan.
- Ipasabi kung ang gawain ay nakatulong sa kanila.
- Sabihin:
  Pag-usapan natin ang wastong pangangalaga sa mga halaman.
- Itanong:
  - May mga tanim ba kayong halaman?
  - Paano ninyo inaalagaan ang mga ito?
- Pabuksan ang modyul Pag-usapan Natin sa pahina 33-35 at ipabasa.
- Sabihin:
  Bukod sa mga nabanggit na paraan sa pangangalaga, may masasabi pa ba kayong ibang praktikal na paraan sa pangangalaga?

**3. Paglalahat**

- Hayaang buuin ang sumusunod upang makabuo ng paglalahat ukol sa pangangalaga ng mga halaman:
  - Nabatid ko na ____________________
  - Natuklasan ko na __________________
  - Pinatutunayan ko na ______________



**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 36 ng modyul.

**Pagsulat**

**1. Paglalahad**

- Ipakita kung paano isulat ang mga salita sa hangin at sa pisara.
- Ipabakat ang mga salita sa pahina 37-38 ng modyul.
- Ipagaya ang mga salita sa pahina 39.
- Ipagawa ang pagsasanay sa Isulat Natin pahina 40.

**2. Pagtalakay**

- Bigyang-diin ang wastong paraan ng pagbakat sa mga salita.
- Tiyaking maayos na naisusulat ang mga salita sa pahina 39-40 ng modyul.

**3. Paglalahat**

- Itanong kung paano maaaring mapabuti ang pagsulat.

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Isulat Natin sa pahina 40 ng modyul.

**Pagkwenta**

1. **Paglalahad**

   - Magpakita ng *flashcard* ng mga bilang na pasalita.
   - Basahin ang mga ito sa mga mag-aaral.

2. **Pagtatalakayan**

   - Ipabasa ang mga bilang nang papantig nang maramihan, limahan, isahan. Gawin ang paraang ito sa iba pang mga bilang.

3. **Paglalahat**

   - Ano ang maaaring tandaan upang mapadali ang pagbasa at pagsulat ng mga bilang nang pasalita?

4. **Paglalapat**

   - Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 43-44 ng modyul.

## IV. PAGTATAYA

- Pasagutan ang Alam mo na ba? sa pahina 45-49 ng modyul.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Pagawain ng mga islogan ang mga mag-aaral kung paano nila pangangalagaan ang mga halaman.



# Mga Uri ng Hayop sa Tahanan at Pamayanan

Aralin 3

## I. MGA LAYUNIN

| | |
|---|---|
| Pakikinig: | naipahahayag ang detalye ng isang pasalitang impormasyong narinig; |
| Pasalita: | nakagagamit ng salita sa ibang wika upang lubos na maunawaan ang kahulugan nito; |
| Pagbasa: | nakababasa ng mga payak na salita; |
| Pagsulat: | nakasusulat ng mga payak na salita sa ibang wika; |
| Pagkwenta: | nakapagsusunod-sunod ng mga bilang 1-10; |
| Pagpapahalaga: | pagmamahal sa hayop; |
| | natutukoy ang mga hayop sa tahanan at pamayanan; |
| | nailalarawan ang mga hayop sa tahanan at pamayanan; |
| | nakikilala ang pagkakaiba ng *vertebrate* at *invertebrate*. |

| Pagmamahal sa Hayop |
|---|

## II. PAKSA

A. Aralin 3: Mga Uri ng Hayop sa Tahanan at Pamayanan

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay: kasanayang magdesisyon, mapanuring pag-iisip, kasanayang makipagkapwa

B. Mga Kagamitan: modyul, mga sitwasyon na nakasulat sa papel, *flashcard*

## III. PAMAMARAAN

### A. Panimulang Gawain

#### 1. Balik-Aral

- Pangkatin ang mga mag-aaral sa dalawa (2).
- Papiliin ng sitwasyong isasadula ang bawat pangkat.

  Sitwasyon 1: Pagpapakita ng pangangalaga sa mga halaman

  Sitwasyon 2: Pagpapakita ng kawalang pagpapahalaga sa mga halaman
- Bigyan ng 10 minuto upang mapag-usapan ang gagawin at 10 minuto upang isadula ang sitwasyon.
- Pag-usapan ang ginawang pagsasadula.



- Ipasabi ang natutuhan sa dula-dulaan.

#### 2. Pagganyak

- Itanong kung ano-anong hayop ang makikita sa tahanan at sa pamayanan.
- Gumawa ng tsart ng mga larawan ng hayop sa tahanan at pamayanan tulad nito.

| Tahanan | | Pamayanan | |
|---|---|---|---|
| aso | lamok | ahas | isda |
| pusa | daga | baboy-damo | kalabaw |
| ibon | baboy | paruparo | kabayo |
| ipis | manok | tutubi | kambing |

- Hayaang ibigay ang kanilang opinyon/ kuro-kuro sa paggawa ng tsart kung wasto o mali.

### B. Panlinang na Gawain

**Pagbasa**

#### 1. Paglalahad

- Sabihin:
  - Buksan ang modyul sa pahina 50.
  - Tukuyin ang mga hayop na nasa larawan.
  - Ang mga hayop ay may 2 uri: *vertebrate* at *invertebrate*.
  - Alin-alin ba ang nga *vertebrate*? ang mga *invertebrate*? Ano ba ang pagkakaiba ng *vertebrate* at *invertebrate*?

**2. Pagtatalakayan**

- Buksan ang modyul sa pahina 51.
- Ipabasa ang pamagat ng aralin.
- Basahin ang tula sa pahina 51.
- Itanong:
  - Paano nagkakaiba ang mga hayop sa larawan?
  - Tukuyin ang mga hayop na nasa pahina 52.

    Itanong:
    - May mga alaga ba kayong hayop sa bahay? sa bukid?
    - Ano-ano ang mga alaga ninyo?
- Buksan ang modyul sa pahina 53. Ipasuri ang mga hayop.

  Itanong:
  - Ilang uri mayroon ang mga hayop?
  - Anong mga hayop ang nabibilang sa *vertebrates*? *Invertebrates*?
  - Ano ang *vertebrates*? *Invertebrates*?
- Ipabasa ang mga pangungusap sa pahina 54-58. Bigyang-diin ang mga salitang may salungguhit.
- Tulungan ang mga mag-aaral na makabasa nang papantig.
- Ipakilala ang mga titik na bumubuo ng mga salita.



- Ipabasa ang salita nang maramihan, pangkatan, tatluhan, at isahan.
- Ulitin ang proseso sa iba pang mga salitang may salungguhit.

**3. Paglalahat**

- Balikan ang dayagram sa pahina 53.
- Ipasabi at ipalarawan ang 2 uri ng hayop.
- Ipabasa ang Tandaan Natin, sa pahina 59.
- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 60 ng modyul.

**Pagsulat**

**1. Paglalahad**

- Balikan ang mga salitang may salungguhit sa pahina 54-58 ng modyul.

**2. Pagtatalakayan**

- Ipakita kung paano isulat ang bawat salita sa hangin at sa pisara.
- Ituro kung paano bakatin ang salita.
- Ipabakat ang mga salita sa pahina 61-62 ng modyul.
- Ipagaya ang mga salita sa pahina 63-65 ng modyul.

- Itanong:
  - Ano ang inyong naramdaman habang isinusulat ang mga salita? Bakit?
  - Naisulat ba ninyo nang maayos? Bakit hindi? (kung mayroon)

**3. Paglalahat**

- Itanong:
  - Ano ang dapat ninyong tandaan kung kayo ay nag-aaral sumulat?

**4. Paglalapat**

- Isulat sa sulatang papel ang mga salitang may salungguhit sa pahina <u>54-58</u>.

**Pagkukwenta**

**1. Paglalahad**

- Ipakita at ipakilala ang mga bilang 1-10 na nasa *flashcard*.
- Bigyang-diin ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga simbolo ng bilang.
- Pangkatin sa 3 ang mag-aaral. Ipalaro ang pagbasa ng mga bilang. Ang unang makabasa ay hihiling na makaabante o ipaatras ang katunggaling pangkat. Ang unang makarating sa unahan ang siyang panalo. Itanong kung ano ang naramdaman nila matapos ang kanilang ginawa.



**2. Pagtatalakayan**

- Ipasabi ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga bilang.
- Hayaang mapagsunod-sunod ang mga bilang at ipabigay ang nawawalang bilang tulad sa pahina <u>66</u> ng modyul.
- Sanayin pa ang mga mag-aaral.

**3. Paglalahat**

- Ipasabi ang dapat gawin upang matandaan ang pagkakasunod-sunod ng mga bilang 1-10.

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Kwentahin Natin sa pahina <u>66</u>.

**IV. PAGTATAYA**

- Ipasagot ang Alam mo na ba? sa pahina <u>68-69</u> ng modyul.

**V. KARAGDAGANG GAWAIN**

- Maghanap ng larawan ng mga hayop na nabibilang sa *vertebrate* at *invertebrate*. Idikit sa *bondpaper* at gumawa ng album.

**Mga Hayop, Mahalaga Kayo!**
Aralin 4

## I. MGA LAYUNIN

Pakikinig: naipakikita ang pag-unawa at pagpapahalaga sa isang usapan na may pamilyar at di-pamilyar na talasalitaan sa pamamagitan ng pakikinig sa nagsasalita;

Pasalita: nakalalahok sa usapan gamit ang nararapat na pagpapahayag

Pagbasa: nababasa nang wasto ang mga salita;

Pagsulat: naisusulat ang mga salita nang wasto;

Pagkuwenta: naihahambing ang mga bilang gamit ang >, <, o =;

Pagpapahalaga: naipakikita ang pagmamahal at pagpapahalaga sa mga hayop;

nasasabi ang mga kahalagahan ng hayop sa tao.

| Pagmamahal sa Hayop |
| --- |



## II. PAKSA

A. Aralin 4: Mga Hayop, Mahalaga Kayo!

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay:, mabisang komunikasyon, pansariling kamalayan, mapanuring pag-iisip

B. Mga Kagamitan: modyul, larawan ng iba't ibang uri ng hayop, *flashcard*

## III. PAMAMARAAN

### A. Panimulang Gawain

#### 1. Balik-Aral

- Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat sa ganitong paraan:
  - Pabunutin ang bawat mag-aaral ng hayop na kanyang ihuhuni.
  - Lagyan ng piring ang bawat isa.
  - Sa pagbibigay ng hudyat, "Simula Na", ihuni ang nabunot na hayop.
  - Ipahanap ang magkakaparehong huni. Ang unang makapagsama-sama ng iisang huni ang siyang panalo.

  Halimbawa:

  Pusa – meow
  Aso – bow-wow-wow
  Kambing – meeee
  Ibon – tweet, tweet

- Ipaskil o ilagay sa iba't ibang lugar ng *Learning Center* ang mga larawan ng hayop.
- Ibigay ang utos:

  Halimbawa: "Kumandirit at dalawin ang hayop ipis."

- Sa hudyat na "SIMULA", ang pangkat na magkakahawak-kamay ay magsisimulang kumilos patungo sa larawan ng hayop.
- Pagdating sa larawan, sabay na sasabihin ng pangkat ang "Ito ang ipis, isang ____ "*vertebrate/ invertebrate*" at saka babalik sa dating lugar.
- Sisimulan ng pangkat 1, susunod ang pangkat 2 hanggang 4.
- Ang pinakamaraming tamang sagot ang panalo.
- Itanong:
  - Ano ang nararamdaman ninyo habang naglalaro?
  - Ano ang natutuhan sa laro?

**2. Pagganyak**

- Pabuksan ang modyul sa pahina 71.
- Basahin ang usapan sa modyul.



- Itanong:
  - Ano ang kanilang pinag-uusapan?
  - Ano-anong hayop ang nabanggit sa usapan?
  - Ibigay ang pakinabang ng bawat hayop na nabanggit.

**B. Panlinang na Gawain**

**Pagbasa**


**1. Paglalahad**

- Sabihin:
  - Napakahalaga sa atin ang mga hayop. Tumutulong ang mga ito sa maraming paraan. Nagbibigay ang mga ito ng pagkain, tumutulong sa ating trabaho, nagbibigay ng proteksiyon laban sa pinsala at nagiging mga kaibigan pa natin.
  - Laging bahagi ng ating buhay ang mga hayop.
- Basahin ang ilang tugma sa pahina 74-75.

**2. Pagtatalakayan**

- Itanong:
  - Paano tayo natutulungan ng aso? Pusa? Kalabaw? Kabayo? Iba pang hayop?

- Gumamit ng *Concept Mapping* upang lubusang maunawaan ang kahalagahan ng mga hayop.




- Ipasabi rin ang mga kailangan ng hayop upang mabuhay sa pamamagitan ng larawan.

**3. Paglalahat**

- Basahin ang Tandaan Natin sa pahina 76.

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 83-84.

**Pagsulat**

**1. Paglalahad**

- Sabihin
  - Subukan ninyo na maisulat nang



maayos ang mga salita.
  - Ibuka ang inyong mga daliri, sabay-sabay na pakilusin na katulad nang close-open. (Ipakita kung paano).
  - Ipahawak ang mga lapis/ballpen sa tamang posisyon.

**2. Pagtalakay**

- Sabihin:
  - Pagmasdan kung paano ko isusulat sa hangin ang salita.
  - Gayahin ninyo.
  - Pagmasdan kung paano ko babakatin ang salita. Gawin ninyo.
  - Pagmasdan kung paano ko susulatin ang salita. Gayahin.

- Ipagawa ang Isulat Natin sa pahina 79-82.

- Ibigay ang sumusunod na pagsasanay sa pagsulat upang makilala ang *letter formation*.

**3. Paglalahat**

- Itanong:
  - Pantay-pantay bang naisusulat ang mga titik.

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 83.

**Pagkwenta**

**1. Paglalahad**

- Sabihin:
  - May mga simbolong ginagamit upang makilala kung ang bilang ay mas higit (>), mas kaunti (<) o pareho/ magkatumbas (=).
- Ulitin ang kahulugan ng mga simbolo.
- Ipaulit sa mga mag-aaral.
- Pabuksan ang modyul sa pahina 84-85.

**2. Pagtatalakayan**

- Itanong:
  - Alin ang mas marami, 4 o 3? 5 o 2?
- Sabihin:
  - Kung ang bilang ay mas malaki sa isa pang bilang ito ay sinasabing mas higit (greater than/more than) at ang simbolong giganamit ay >.



  - Basahin ang mga pares gamit ang >. Ipabasa rin sa mag-aaral.
- Itanong:
  - Alin ang mas kaunti, 2 o 5? 3 o 4?
- Sabihin:
  - Kung ang bilang ay mas maliit sa isa pang bilang, ito ay sinasabing mas kaunti (less than) at ang simbolong ginagamit ay <.
  - Basahin ang mga pares gamit ang <. Ipabasa rin sa mag-aaral.
- Itanong:
  - Ano ang masasabi ninyo sa mga bilang 6 at 6?
- Sabihin:
  - Kung ang mga bilang ay pareho, masasabi natin na sila ay magkatumbas o pareho at ang simbolo ay =.
- Basahin ang mga pares na bilang gamit ang =. Ipabasa rin sa mga mag-aaral.
- Magbigay pa ng ilang pagsasanay gamit ang mga simbolo. Pangkatin ang mga mag-aaral sa 3 at mag-unahan. Ipaatras ang mga katunggali o ipaabante ang pangkat kung nakapagbigay ng tamang sagot. Ang mauna sa *relay* ang siyang panalo.

**3. Paglalahat**

- Ipasabi kung ano-ano ang mga simbolo na ginagamit sa paghahambing ng mga bilang.

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 86-87.

**IV. PAGTATAYA**

- Pasagutan ang Alam mo na ba? sa pahina 88-91 ng modyul.

**V. KARAGDAGANG GAWAIN**

- Pangkatin sa 4 ang mga-aaral.
- Pabunutin ng hayop na kanilang isasadula upang maipakita ang pakinabang nito at kung paano ito pangangalagaan.
  - aso
  - baka
  - manok
  - kalabaw



**Halaman at Hayop, May Karapatan**
Aralin 5

**I. MGA LAYUNIN**

| | |
|---|---|
| Pakikinig: | naipakikita ang pang-unawa sa mga impormasyong nabasa mula sa pahayagan; |
| Pagsasalita: | naihahatid nang wasto ang mga narinig na mensahe, kuro-kuro, balita, o patalastas; |
| Pagbasa: | nababasa nang wasto ang mga pangungusap; |
| Pagsulat: | naisusulat nang wasto ang mga salita; |
| Pagkwenta: | nakapagdaragdag ng 1 tambilang; |
| | naipakikita ang dapat gawin ng tao upang maiwasan ang lubusang pagkasira ng kapaligiran; |
| | naisasagawa ang mga paraan kung paano mapananatili at mapangangalagaan ang kapaligiran. |

| | |
|---|---|
| Pagpapahalaga: | Wastong Pangangalaga ng Kapaligiran |

## II. PAKSA

A. Aralin 5: Halaman at Hayop, May Karapatan

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay: mapanuring pag-iisip, paglutas ng suliranin, pagpapasya

B. Mga Kagamitan:modyul, nakuhang balita sa pahayagan, mga larawan, *flashcard*, 1 malaki at 3 maliit na kahon


## III. PAMAMARAAN

### A. Panimulang Gawain

#### 1. Balik-Aral


• Ipagawa ang *Smorgasbord* sa 4 na pangkat.


pagkain



- Ihanda ang mga larawan ng iba't ibang hayop. Ilagay sa malaking kahon.
- Bigyan ang bawat pangkat ng maliit na kahon kung saan dapat ilagay ang hayop m [illegible] alaking kahon.


materyales






- Papila [illegible] wat pangkat.
- Sa hu [illegible] O, ang unang mag-aaral [illegible] d nang pa-*tip-toe* patun [illegible] king kahon.

Pantulong sa hanap-buhay



- Ang b [illegible] y kukuha ng larawan ng hay [illegible] gkop sa kanilang kahon at babalik sa lugar sa ganoon ding paraan ng paglakad. Ilalagay ang larawan sa maliit na kahon.

proteksiyon



- Ulitin ang paraan hanggang ang lahat ay nagkaroon ng pagkakataon.



- Tingnan kung wasto ang laman ng kahon sa unang nakatapos.
- Kung tama lahat, ang pangkat ay panalo.

• Itanong kung ano ang natutuhan nila sa kanilang ginawa.

#### 2. Pagganyak

• Sabihin:
  - Mayroon akong balitang ginupit sa pahayagan. Ito ay tungkol sa isang batas ukol sa *handline fishing* na ginawa ni Congressman Darlene Custodio ng South Cotabato.

Pakinggan ninyo at kung maaari ay magbigay kayo ng reaksyon.

| Ang mga mangingisda ng tuna ay hinihiling na ipasa sa Senado ang batas sa *handline fishing*. |
| --- |
| Hinihiling ng mga mangingisda ng tuna na ipasa ang House Bill 4087 o ang panukalang *Handline Fishing Law*. Sa ilalim ng *bill*, ang *handline fishing* ay isang tradisyonal na paraan ng pangingisda na ginagamitan ng *hook* ang *line*. "Isang gamit sa pangingisda na may hook na nilalagyan ng pain na inihuhulog sa tubig. Hihintayin na lang na may kumagat sa pain upang hulihin ang isda. Isa raw paraan ito upang masagip at makatulong na ihinto ang paggamit ng nabanggit na pampasabog sa pangingisda. |

- Itanong:
  - Ano ang ulo ng balita?
  - Anong batas ang gustong ipapasa ng mga mangingisda?
  - Ano ang *Handline Fishing Law*?
  - Ano ang inyong opinyon o ideya tungkol sa balita?



- May isa pa akong balita na babasahin. Ito ay tungkol naman sa pagtatago ng isang *landfill* o imbakan/tapunan ng basura.

| Ang Opisyales ng Bulacan ay tumanggi sa *Landfill Project* malapit sa Ipo Dam. |
| --- |
| Tumanggi ang Gobernador ng Bulacan na si Josefina Mendoza dela Cruz sa pagtatayo ng *landfill project* sa Norzaragay malapit sa Ipo Dam. Ang *landfill* ay naglalabas ng *methane* na malaki ang kontribusyon sa pagkakaroon ng *greenhouse effect* na sanhi ng pagpapalit ng klima. Bukod doon, karamihan ng inuming tubig sa Metro Manila ay nagmumula sa Ipo Dam. Isa rin ito sa paglabag sa RA 9003 na kilalang "Ecological Solid Waste Management Act of 2002" na hindi nagpapahintulot na magtayo ng *landfill* sa anumang *aquifer, groundwater reservoir or watershed*. |

- Itanong:
  - Tungkol saan ang balita?
  - Ano ang *landfill project*?
  - Sino ang tumangging magtayo sa Bulacan?
  - Saan sa Bulacan gustong magtayo ng *landfill*?
  - Bakit tumanggi ang mga opisyal ng Bulacan sa *Landfill Project*?

- Ano ang "Republic Act 9003"?
- Ano ang opinyon o ideya ninyo tungkol sa balita?
- Kung may itatayong *landfill* sa inyong pamayanan, papayag ba kayo? Bakit?

**B. Panlinang na Gawain**

**Pagbasa**

**1. Paglalahad**

- Sabihin:
  - Narinig ba ninyo ang balita tungkol sa mga gawain ng tao na nakaapekto sa kapaligiran?

- Itanong:
  - Ano sa palagay ninyo ang mga di-dapat gawin sa kapaligiran?

- Tukuyin ang mga ulo ng balita na nasa larawan.
  - Itanong:
    - Paano ito nakaaapekto sa ating kapaligiran?
    - Ipabukas ang modyul sa pahina 92.

- Basahin sa klase ang tula sa pahina 93, Pakinggan Natin.

**2. Pagtatalakayan**

- Hingin ang kanilang kuro-kuro o opinyon tungkol sa mga larawan sa pahina 94.



Hingin din ang mabuting paraan upang maiwasan ang masasamang gawain ng tao na makasisira ng kapaligiran. Pag-usapan ang mga larawan sa pahina 95-98.

- Basahin ang mga pangungusap sa pahina 99-101. Hingin ang kanilang ideya sa bawat pangungusap.

- Basahin ang mga salitang may salangguhit at tulungan ang mag-aaral na mabasa nang papantig at makilala ang bawat titik sa salita.

- Ipabasa nang lahatan, pangkatan, at isahan.

**3. Paglalahat**

- Ipabuo sa mga mag-aaral ang mga parirala.
  - Naniniwala ako na…..
  - Aking napag-alaman…..
  - Maaari kong gawin ay ….
  - Kung ako ang …..

- Basahin ang Tandaan Natin sa pahina 102-103 ng modyul.

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 104.

**Pagsulat**

**1. Paglalahad**

- Sabihin
  - Lahat ng may salungguhit na salita ay inyong pag-aralang sulatin.
  - Bago magsimula, mag-ehersisyo muna ng inyong mga daliri, *close-open;close-open; close-open*, at iba pa.
  - Hawakan nang wasto ang lapis. (Isa-isang tingnan ang paghawak ng panulat.)

**2. Paggawa ng ehersisyong pangkamay**

- Ipakita ang pagsulat sa hangin ng bawat salita.
- Ipakita ang pagbabakat sa pisara.
- Ipakita ang pagsulat sa pisara.
- Ipabakat ang nasa pahina 105-108.
- Ipagaya ang mga salita sa pahina 109-111.

**3. Paglalahat**

- Itanong:

- Ano ang maaari ninyong gawin upang maisulat nang wasto ang mga salita?

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 115-116.



**Pagkwenta**

**1. Paglalahad**

- Ipalaro ang " The Boat Is Sinking"

- Ipabilang ang 1 buong grupo at kulang na grupo.
  Halimbawa: 3 tao sa grupo at 2 tao sa kabilang grupo

Kabuuan: 5 tao kung pagsasamahin ang 2 grupo.

- Isulat ang mga bilang na pinagsama.

- Ulitin ang paglalaro at bilangin muli.

**2. Pagtatalakayan**

- Ipabukas ang modyul sa pahina 112.

- Sabihin na tulad ng ginawang pagsasama ng tao sa bawat grupo, ganoon din ang gagawin upang pagsamahin ang mga larawan.

- Sabihin na ito ay tinatawag na pagdaragdag.

- Ipakita rin kung paano isulat gamit ang simbolo.

Halimbawa: a) 4 + 3 = _____

b) $\begin{array}{r} 4 \\ \underline{+\,3} \end{array}$

### 3. Paglalahat

- Itanong ang simbolong ginamit at ang 2 paraan ng pagsulat sa pagdaragdag.

### 4. Paglalapat

- Ipagawa ang Kwentahin Natin sa pahina 112-114.


## IV. PAGTATAYA

- Pasagutan ang Alam mo na ba? sa pahina 117-121.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Gawin ang puzzle.
  Piliin ang angkop na larawan sa kahon sa pahina 118.

1. 2.







**Kapaligirang Inalagaan, Magandang Kinabukasan**
Aralin 6

## I. MGA LAYUNIN

Pakikinig: naipakikita ang pang-unawa at respeto sa mga napakinggang ideya at damdamin ng iba;

Pasalita: nakatutugon nang maayos sa mga ideya at damdamin ng iba sa pamayanan sa berbal at di- berbal na paraan;

Pagbasa: nakababasa nang wasto ng mga pangungusap;

Pagsulat: nakasusulat nang wasto ng mga salita;

Pagkwenta: nakagagamit ng simbolong (–) sa pagbabawas;

nakikilahok sa mga kampanya at gawain upang mapaunlad/ mapangasiwaan ang kapaligiran.

| |
|---|
| Pagpapahalaga: Pakikiisa sa mga kampanya ukol sa kapaligiran |

## II. PAKSA

A. Aralin 6: Kapaligirang Inaalagaan, Magandang Kinabukasan

Pangunahing Kasanayan sa Pakikipamuhay: mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon, malikhaing pag-iisip, mapanuring pag-iisip, paglutas ng suliranin, kasanayang magpasiya

B. Mga Kagamitan: modyul, mga larawan

## III. PAMAMARAAN

### A. Panimulang Gawain

#### 1. Balik-Aral

- Maglagay ng mga larawan ng dapat at di-dapat gawin ng tao na nakaaapekto sa mga halaman at hayop sa iba't ibang bahagi ng *Learning Center*.
- Hayaang pumili ang mga mag-aaral ng kaniya-kaniyang kapareha.
- Tumawag ng isang pares upang puntahan ang larawan nang walang ingay. Ipagawa sa magkapareha ang nasa larawan (pantomina).
- Matapos gawin ang pantomina, patayuin nang tuwid at ituro ang larawan sabay sasabihin kung dapat o di-dapat.



- Hayaang bumalik sa kanilang lugar ang magkapareha.
- Ipagawang muli sa mag-aaral ang gawain hanggang ang mga larawan ay matapos lahat.
  Itanong:
  - Ano ang natutuhan ninyo sa inyong ginawa?

#### 2. Pagganyak

- Pabuksan ang modyul sa pahina <u>123</u>.
- Itanong:
  - Ano sa palagay ninyo ang ginagawa sa larawan?
  - Sino-sino sa palagay ninyo ang mga nasa larawan?
  - Gusto ba ninyong marinig ang kanilang pinag-uusapan?
- Basahin ang pagpupulong na makikita sa larawan.

Isang pagpupulong sa Barangay Concepcion ang isinasagawa ng Punong Barangay upang maalagaan ang kanilang kapaligiran.

Punong Barangay: Tayong lahat ay nag-aalala sa maaaring mangyari sa ating kapaligiran. Nangangamba tayo sa ating kapaligiran. Nangangamba tayo na balang araw ay hindi na maabutan ng mga susunod na henerasyon ang kagandahan ng

| | |
|---|---|
| | kapaligiran. Sa ngayon ay hangad ko na kumilos tayong lahat upang mapangalagaan ang kapaligiran. Nais ko sanang bawat isa ay makaisip ng gawain o kampanya para sa magandang kinabukasan ng ating kapaligiran. |
| Kagawad 1: | Iminumungkahi ko pong iwasan ang pagtotroso at pagkakaingin. |
| Kagawad 2: | Maaari ring pagtatanim na orihinal o lokal na puno ang ipalit sa mga naputol na puno. |
| Kagawad 3: | Magtayo o magtatag ng *Material Recovery Facilities* (MRF) sa ating barangay |
| Kagawad 4: | Tama po! Sa pagkakaroon ng MRF sa barangay ay mababawasan ang ating basura. Maaaring ihiwalay ang basura upang mapili ang pakikinabangan pa. |
| Kagawad 5: | Maisasagawa ng ating barangay ang magresiklo at gumawa ng organikong pataba na magagamit sa mga gulayan. |
| Kagawad 6: | Hikayatin din po natin na huwag gumamit ng dinamita sa pangingisda. |
| Punong Barangay: | Magaganda ang inyong mga panukala. Naniniwala ako sa mga kampanyang nais ninyong |



| | |
|---|---|
| | ipatupad. Aalagaan natin ang kapaligiran para may magandang kinabukasan ang ating mga anak. Sama-sama tayong kikilos. |

- Itanong:
  - Sino-sino ang pagpupulong?
  - Ano ang kanilang pinag-uusapan?
  - Sa palagay ba ninyo ay makabubuti sa barangay ang kanilang gagawing kampanya?
  - Ano ang natutuhan ninyo sa pulung-pulong na inyong narinig?
  - Makikiisa ba kayo sakali't may ganitong kampanya sa inyong barangay? Bakit? Bakit hindi?

**B. Panlinang na Gawain**

**Pagbasa**

**1. Paglalahad**

- Pabuksan ang modyul sa pahina 124.
- Sabihin:
  - Kilalanin natin ang mga kampanya at gawain na maaaring ipatupad sa barangay upang maalagaan ang kapaligiran.
  - Ang *Department of Environment and Natural Resources* (DENR) ay ang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa kapaligiran. May

ipinatutupad silang *Republic Act 9003* na kilalang *Philippine Ecological Solid Waste Management* (ESWM). Ang seksyon 3 nito ay sinasabi na bawat barangay ay kailangang magtatag ng sariling *Material Recovery Facilities* (MRF) para sa pagpapatupad ng *3R's* (*reuse, reduce and recycle*)

- Ang implementasyon ng *solid waste management program* ay nangangailangan ng 4 na *parameter*: pagbubukod ng basura mula sa pinagkukunan, pagkolekta ng pinaghiwa-hiwalay na basura, pagkokompost at pagtatatag ng MRF.
- Katulad ng binasa kong balita, nais ng DENR na, maipasa ang *handline fishing* lalo na sa tuna upang maiwasan na ang maliliit na isda ay hindi madamay. Kapag gumamit ng dinamita sa pangingisda, Kahit na maliliit na isda na hindi dapat hulihin ay namamatay.
- Ang pagtatanim ng binhi, pagpapalit sa mga punong pinutol o ang pagtatanim ng orihinal o lokal na puno ay magagawa upang maiwasan ang *landslide* o pagguho ng lupa at ang pagbaha.
- Ilan lamang itong mga nabanggit ko.

**2. Pagtatalakayan**

- Ipabukas ang modyul sa pahina <u>125</u>.



- Itanong:
  - Alin sa mga kampanya at gawain ang pinatutupad sa inyong pamayanan?
- Ipasabi kung paano ito pinatutupad at kung ito ay epektibo sa pamayanan.
- Pabuksan ang modyul sa pahina <u>126</u>.
- Ipabasa ang mga pangungusap at ang mga salitang may salungguhit.
- Ipabasa nang papantig at ipakilala ang mga titik sa bawat salita.
- Ipabasa ang mga salita nang papantig nang maramihan, pangkatan, dalawahan at isahan.
- Tulungan ang mga mag-aaral na bumuo ng maikling salita mula sa mahabang salita.
  Hal. Kapaligiran- apa, ina, kapa, para

**3. Paglalahat**

- Ipabuo ang sumusunod:
  - Naniniwala ako na …
  - Natuklasan ko na ….
  - Maaaring ipatupad ang …
- Ipabasa ang Tandaan Natin sa pahina <u>130</u>.

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina <u>131</u>.

- Suriin ang mga sagot.

**Pagsulat**

**1. Paglalahad**

- Sabihin:
  - Pabuksan ang modyul sa pahina <u>132</u>.

**2. Pagtatalakayan**

- Ipakita ang pagsulat ng bawat salita sa hangin at sa pisara.
- Pabuksan ang modyul sa pahina <u>132-133</u> at ipabakat ang mga salita.
- Ipagaya ang mga salita sa pahina <u>134</u>.

**3. Paglalahat**

- Itanong:
  - Sa paanong paraan tayo makasusulat nang maayos?
  - Ano ang kailangang gawin o ihanda?

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina <u>136-137</u>.

**Pagkwenta**

**1. Paglalahad**

- Ipalaro muli ang *The Boat is Sinking*.



- Sa pagkakataong ito, ang hindi makabuo ng pangkat ay ibabawas sa buong pangkat upang maipakita ang pagbabawas.
  Halimbawa: Kung ang ipinabuong pangkat ay tig-5 at may 2 lamang sa hindi buo, ipabawas ang 2 sa grupo.

  5 – 2 = 3

- Ulitin ang laro nang ilang beses.

**2. Pagtatalakayan**

- Pabuksan ang modyul sa pahina <u>138</u>.
- Ipakita ang mga pagsasanay kung paano ginagawa ang pagbabawas sa tulong ng larawan.
- Ipaliwananag na ang bilang na nasa unahan o nasa itaas ay tinatawag na *minuend* (ang babawasan) at ang pangalawang bilang ay tinatawag na *subtrahend* (ang babawasin)

  Halimbawa:
  
    5 - *minuend*
  
  <u>-  2</u> - *subtrahend*
  
    3 - *difference*

  Ang tawag sa sagot sa pagbabawas ay tinatawag na *difference*. Ipakita rin ang simbolo (-) na gamit sa pagbabawas.

**3. Paglalahat**

- Itanong kung ano ang maaaring gawin upang mapadali ang gagawing pagbabawas gamit ang mga bilang na 1-10.

**4. Paglalapat**

- Ipagawa ang Subukin Natin sa pahina 141.

## IV. PAGTATAYA

- Ipagawa ang Alam mo na ba? sa pahina 142-145.

## V. KARAGDAGANG GAWAIN

- Ipangkat ang mga mag-aaral.
- Subuking magpagawa ng maikling islogan upang ipatupad sa kani-kanilang lugar bilang kampanya upang mapangalagaan ang kapaligiran.




## Susi sa Pagwawasto

### Aralin 1: Mga Halaman sa Tahanan at Pamayanan


**Subukin Natin** *pahina 13*

A.



a. baging
b. damo
c. palumpong
d. puno
e. halaman

**Alam Mo Na Ba?** *pahina 22-25*



a. baging
b. damo
c. palumpong
d. puno


B. ampalaya
niyog
atis
malunggay
akasya

C. 1 2 3 4 5
6 7 8 9 10

## Aralin 2: Halaman, Mahalaga Ka!

**Subukin Natin** *pahina 36*

Lagyan ng guhit ang mga bagay na mula sa niyog.




**Subukin Natin** *pahina 40*

Isulat ang ibinibigay ng halaman sa tao.

Pagkain
Lilim

**Subukin Natin** *pahina 43-47*

Isulat nang pasalita ang bilang ng mga larawan.

| | |
|---|---|
| isa dalawa<br>dalawa apat<br>lima | anim pito<br>walo siyam<br>sampu |




**Alam Mo Na Ba?** *pahina 45-49*


A. 1.
2. ✓
3. ✓
4.
5. ✓
6. ✓

B. 1. tatlo
2. apat
3. isa
4. lima

C.



✓ Bakuran ang mga halaman.



✓ Diligan ang mga halaman.



✓ Gapasin ang ang mga damo.



__ Tapakan ang mga halaman.



__ Bungkalin ang mga halaman.



__ Sunugin ang ang mga halaman.

## Aralin 3: Mga Uri ng Hayop sa Tahanan at Pamayanan

**Subukin Natin** *pahina 60*

1. ×
2. ✓
3. ✓
4. ×

**Kwentahin Natin** *pahina 66-67*

A. 5
   10
   7
   9
   6

B.
1. 4 7
2. 5
3. 8 10
4. 6

**Alam mo na ba?** *pahina 68-69*

A.
1. *vertebrate*
2. *vertebrate*
3. *vertebrate*
4. *invertebrate*


B.
1. 9
2. 7
3. 3
4. 2
5. 7





## Aralin 4: Mga Hayop, Mahalaga Ka!


**Subukin Natin** *pahina 77-78*

A. Lagyan ng tsek (✓) ang mga bagay na nagmula sa hayop at ekis (×) kung hindi.


✓


✓



×


×



✓



✓

B. Lagyan ng ☺ ang kailangan ng mga hayop upang mabuhay.


☺


☺


☺


☺

**Subukin Natin** *pahina 86-87*

1. >
2. =
3. <
4. =
5. <

**Alam mo na ba?** *pahina 88-91*

A 1. pagkain
2. hanapbuhay
3. mga gamit
4. tagahuli ng daga

B. 1. <
2. =

C. 1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☺




**Aralin 5: Halaman at Hayop, May Karapatan**

**Subukin Natin** *pahina104*


Isulat ang K sa kahon kung kanais-nais ang gawain at DK kung hindi kanais-nais.



**DK**




**K**



**K**



**K**

**Alam mo na ba?** *pahina117-121*

A. 1. K 2. K 3. DK 4. DK

B. 1. 1 + 2 = 3
2. 3 + 4 = 7
3. 5 + 4 = 9
4. 4 + 3 = 7
5. 2 + 2 = 4
6. 6 + 2 = 8

C. 1. 1 + 2 = 3
2. 4 + 1 = 5
3. 6 + 3 = 9
4. 3 + 2 = 5
5. 6 + 4 = 10
6. 2 + 5 = 7

## Aralin 6: Kapaligirang Inalagaan, Magandang KInbukasan

### Subukin Natin

Lagyan ng tsek (✓) ang mga gawain at kampanya na ipinatutupad sa inyong pamayanan.




Pagtatatag ng MRF sa barangay ✓

Pagtatanim ng mga puno ✓





Paghihiwalay ng mga basura ✓


Paggamit ng organikong pataba sa halaman ✓




**Kwentahin Natin** *pahina 138-140*

1. 4 - 2 = 2
2. 5 - 3 = 2
3. 6 - 5 = 1
4. 10 - 6 = 4
5. 8 - 3 = 5
6. 9 - 1 = 8

**Subukin Natin** *pahina 141*

1. 

2. 

3. 7
4. 3
5. 3



**Alam mo na ba?** *pahina 142-145*

A. 1. hiniwalay na mga basura
   2. pagtatag ng MRF
   3. nagtatanim ng puno

B. 1. 3    3. 2
   2. 4    4. 3

C. 1. kapa, apa, para, paa, aligi, ina, ire, liga, iga, lapag, paga, aga
   2. tatag, tata, maga, mata, aga, gata
   3. ihi, walay, wala, hila, awa, alay, hiwa, laya, ialay, lahi, lawa, balay

D. 1. DM    3. DDM
   2. DM    4. DDM